## Laging anjan ang Allah

Habang nakikita ng mga aktibong muslim na ang kanilang sentro ng buhay ay ang Allah, mayroon namang higit pa sa kaalamang mayroong Allah ang kanilang sinasaliksik. Mula pa sa unang kapanahunan ng Islam, ang ibang mga Muslim, karamihan, ninais nila na maramdamang laging anjan ang Allah. Sila ang mga yaong tauspusong sumasampalataya, na pinagsisikapan nilang maperpekto ang kanilang gawaing pagsamba. Ang mga muslim na tulad nila'y buong araw abala sa pagalala sa Allah at nagsusumikap na baguhin ang kanilang sarili. Sa pagnanais ng habag ng Allah, kanilang hinahanap ito para madalisay ang kanilang mga sarili mula kasamaan. Sa pagsisikap nila na maging karapat-dapat sa mataas na katayuan sa paningin ng Allah, iniiwasan nila ang lahat at alin mang gawaing hindi magpapalapit sa kanila sa Diyos. Anu man ang kanilang pangalan, ang pinakakanais-nais pa ring maitawag sa kanila ay *Abdullah*, ang alipin ng Allah.